BABALA SA SEGURIDAD

Mag-ingat sa Mga Up-Front Payment (Mga Advance na Pagbabayad)

Ito'y nakakalungkot na sitwasyon. Siguro ay mayroon kang problemang pinansiyal. Siguro ay natanggal ka sa trabaho o nagkaroon ng mga hindi inaasahang bayarin. Ngunit kahit paano ay nakahanap ka ng solusyon sa problema. May nabasa kang patalastas, maaaring online o sa diyaryo, na nagpapautang sa mga taong anuman ang kasalukuyang pinansiyal na sitwasyon o credit history. OO nga, tmaaring mataas ang interes, ngunit maibibigay nito sa iyo ang tulong na iyong kinakailangan upang makabawi muli.

Nakipag-usap ka sa nagpaapautang at ibinigay ang lahat ng impormasyon at tiniyak sa iyo na ang iyong pautang ay naaprubahan. Ang tanging kapalit lang ay kailangan mong ibigay ang paunang dalawang bayad sa pautang bilang pagpapakita ng katapatan. Ibinilin sa iyo na ipadala ang mga pondo gamit ang isang kumpanya sa pagpapadala ng pera. Ipinangako sa iyo ng nagpapautang na tatanggapin mo ang buong halaga ng pautang pagkatanggap sa mga bayad.

Sa kasawiang-palad, sa sandaling makabayad ka na, malalaman mong ang numero ng telepono sa nagpapautang ay nadiskonekta na. Hindi mo na maabot ang sinuman sa kumpanya at ang ipinangakong pautang ay hindi kailanman dumating. Naging biktima ka ng "Advanced Fee Loan" scam.

Advanced fee loan scam (Scam sa Advance na Pagbabayad)

"Bad credit? No credit? No problem." Nakita na namin ang lahat ng ad – mga pag-aalok ng garantisadong pautang anuman ang kasaysayang pinansiyal o problema sa utang. Ang mga alok ay inilalagay sa mga mapagkakatiwalaang pahayagan o online. Ang mga ito ay tila mula sa mga kilala at mapagkakatiwalaang kumpanya. Ang mga ito ay nakakaakit sa mga taong nagsisikap na naghihirap at, sa kasawiang-palad, madalas na pinagsasamantalahan nila yaong mga hirap magbayad nito.

Habang may mga lehitimong kumpanya na nagtutuon sa mga pautang sa mga consumer na may hindi perpektong credit, ang mga mapanlinlang na scam sa pautang ay dumadami. Ang mga mapanlinlang na nagpapautang ay maaaring magmukhang totoong-totoo. Alam nilang itanong ang mga tamang katanungan at kung paano kunin ang tiwala ng mga nagdududang consumer. Gayunman, ang lahat ng mapanlinlang na nagpapautang ay magkakapare-pareho sa isang bagay – hihingi sila ng isang ui ng bayad o singil bago maibigay ang pautang.

Nasa ibaba ang ilang ideya upang makaiwas sa mga advanced fee loan scam (scam sa advance na singil sa pautang):

● Tandaan, hindi ipinapayo ng Western Union ang paggamit ng mga serbisyo sa pagpapadala ng pera para magpadala ng pera sa taong hindi mo kilala o ang pagkakakilanlan ay hindi mo matiyak.

● Tiyakin na saliksikin mabuti ang anumang posibleng nagpapautang. Isang paraan para gawin ito ay ang makipag-alam sa lokal na Better Business Bureau o Attorney General para malaman kung may anumang reklamo tungkol sa kumpanya.

BABALA SA SEGURIDAD

● Tandaan na ang mga lehitimong nagpapautang ay hindi mangangailangan kaagad ng bayad para sa isang pautang na hindi mo pa natanggap. “Hindi mo kailangang magbayad ng pera para makakuha ng pera.”

● Tandaan na ang pagpapadala ng pera gamit ang isang serbisyo sa pagpapadala ng pera ay katulad ng pag-aabot ng pera. Ang Western Union ay walang kaugnayan sa nasabing nagpapautang o negosyo at sa gayon ay hindi magagarantiyahan ang pagtanggap o kalidad ng mga produkto o serbisyo na iyong binibili.

● Gaya ng dati, kung ang isang deal ay lubhang napakaganda na parang hindi na totoo, malamang na ganoon nga ito.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang aming mga customer at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kapag nalamangan ang mga consumer sa pagiging biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang iba't-ibang uri ng panlilinlang sa consumer.

###